

**"PINILI NIYANG HAPLUSIN ANG MGA TAO SA PAMAMAGITAN NG KANYANG MGA SALITA ... AT INIUUGNAY NIYA TAYO SA KANYANG MAKAPANGYARIHANG PAG-IBIG AT HABAG."**



I Am...
touched by God - Tagalog


Copyright © 2020 - WELS - BWM


Tract 6 of 6-MLP Cat No 385527

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp


# Ako ay



## HINAPLOS NG DIYOS

# Ako ay hinaplos ng Diyos

Isang tao ang nakaligtas sa tiyak na kamatayan o sakuna. Nagmamaneho siya ng sasakyan at nasangkot sa isang aksidente na nagresulta sa pagkawasak ng kanyang sasakyan. Ngunit ilang minuto ang lumipas, lumabas ang nagmamaneho na mayroon lamang mga galos. Hindi ganito ang ating inaasahan.

Hinaplos ng Diyos? Minsan iniisip natin na ang mga taong matagumpay sa ibang mga pamamaraan ay hinaplos ng Diyos. Ngunit tunay nga bang hinaplos ng Diyos ang gayong mga tao? Hinahaplos ba ng Diyos ang sinuman? Kung oo, paano niya ito ginagawa? Paano ako hinahaplos ng Diyos?

Sa isang banda, maaaring hindi mo nais na haplusin ka ng Diyos? Ang Diyos ay dakila at pinupuno niya ang lahat ng bagay. Hindi siya gaya ng isang maayos at maliit na pigurin na pinupunasan natin ang alikabok paminsan-minsan. Higit pa siyang makapangyarihan kaysa pinakamalakas na bagyo o kaysa ang pinagsama-samang arsenal ng mga sandatang nuklear ng bawat isang pamahalaan sa mundo. Ang paghaplos ng gayong Diyos ay maaaring maging mapaminsala sa kahit sinumang tao na binubuo lamang ng laman at dugo.

Ngunit iniibig ng Diyos ang lahat ng tao. Hindi niya nais na tayo ay maglahong parang usok sa kanyang paghaplos sa atin. At makatitiyak tayo na hindi siya mangungusap mula sa ulap sa itaas sa isang malakas na tinig o magpapakita sa atin sa isang nakasisilaw na liwanag. Nais ng Diyos na haplusin ang mga tao ng kanyang pag-ibig sa paraang makatutulong upang higit pa natin siyang maunawaan.

Pinili niyang haplusin ang puso ng bawat tao sa payak at ordinaryong paraan nang hindi nagdudulot ng takot kaninuman. Natututunan natin ang tungkol sa kahit anong bagay sa pamamagitan ng mga nababasa at naririnig natin. Bakit hindi ang tungkol sa Diyos? Gumagamit din ang Diyos ng mga salita upang ipaalam sa atin ang tungkol sa kanyang dakilang pag-ibig sa atin. Walang sinuman sa mundo ang nag-akala na iibigin tayo ng Diyos nang gayon na lamang upang isugo niya ang kanyang bugtong na Anak upang mamatay para sa atin. Kailangan itong sabihin sa atin ng Diyos. Walang sinumang nag-akala na iaalay ni Jesus ang kanyang buhay para sa atin at pagkatapos nito ay muli siyang mabubuhay.

Kaya kinailangang sabihin sa atin ng Diyos ang mga bagay na ito. Ngunit higit pa ang ginagawa ng Diyos liban sa sabihin sa atin ang tungkol sa kanyang pag-ibig sa atin. Binabago ng Diyos ang ating mga puso sa pamamagitan ng mensahe ni Jesus. Sa pamamagitan ng mensaheng ito, hinahaplos niya ang ating mga puso at iniuugnay niya tayo sa kanyang kapangyarihan.

Habang patuloy tayong nakikinig ng tungkol kay Jesus, higit na dumadaloy ang kapangyarihan ng Diyos sa ating mga puso at buhay. Sa pamamagitan ng mga salitang nakatala sa Biblia pinagkakalooban tayo ng Diyos ng kapatawaran, buhay na walang hanggan, kapanatagan, at kalakasan upang tayo ay makapamuhay bilang mga Kristiyano. Hinahaplos tayo ng Diyos sa pamamagitan ng kayang mga salita at iniuugnay niya tayo sa kanyang makapangyarihang pag-ibig at habag.



## Iniibig ng Diyos ang lahat ng tao